REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BAYAN BILANG 94-188

KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY KAPANGYARIHAN SA PUNONGBAYAN, KGG. IGNACIO R. BUNYE, BILANG KINATAWAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA, NA LUMAGDA SA ISANG KASUNDUAN SA PAG-UPA NG ISANG BAHAY NA PAG-AARI NI GNG. HELEN TEPAUREL VDA. DE ARCIAGA UPANG MAGAMIT BILANG "HEALTH CENTER" NG POBLACION.

*************************************************************

Ipinanukala ni: Kgg. Roger C. Smith

*************************************************************

SAPAGKAT, isa mga pangunahing tungkulin ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay ang pagpapatupad ng programa sa pangangalaga sa kalusugan ng mga mamamayan;

SAPAGKAT, ang kasalukuyang gusali na ginagamit bilang "Health Center" ng Poblacion ay hindi akma o tumutugon sa mga pangangailangan ng mga naglilingkod dito at nagdudulot sa kanila at sa mga pasyente ng malaking kaabalahan;

SAPAGKAT, ang bahay na pinauupahan ni Gng. Helen Tepaurel Vda. de Arciaga ay dating klinika ni Dr. Gilbert Albia, kaya ang mga pasilidad nito at lugar ay akmang-akma sa pangangailangan ng isang Health Center;

SAPAGKAT, ang kasunduan ng pagpapaupa kasama ang mga takda at kondisyon nito ay inilalakip at minamarkahan bilang Lakip "A", na magsisilbing mahalagang bahagi ng Kapasiyahan Bayang ito.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay buong pagkakaisang pinagpasiyahan na binibigyan ng kapangyarihan ang Punongbayan, Kgg. Ignacio R. Bunye, bilang kinatawan ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa, na lumagda sa isang kasunduan sa pag-upa ng isang bahay na pag-aari ni Gng. Helen Tepaurel Vda. de Arciaga upang magamit bilang "Health Center" ng Poblacion.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-108th regular na pulong na ginanap ngayong ika-14 ng Nobyembre, 1994.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



PINATOTOHANAN:

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Pinuno ng Panghapagang Mayorya
Pansamantalang Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

(Absent)
KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS,JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan